

Tatlong Proposisyon ng Puting Hangin

Luna Sicat Cleto

Unang Proposisyon: Dumarating ang puting hangin kapag napansin ang pagkasilaw

Pag nagkataong nakatabi mo siya sa bus at buhol-buhol na ang trapik, hintayin mo lang ang hudyat na may maalala siya kapag nadaan ang sasakyan sa anumang de-salaming gusali o ng salaming malaki. Puwede ring palara, o kahit ‘yung tint ng mga sasakyan. O ‘yung tama ng araw sa traffic light, o shades. Basta dapat, nakakabulag. ‘Yung may ningning. Iyon na ang portal ng pagkukuwento niya kung paano siya linigawan ng Diwata. Nagsimula ang lahat sa manggas ng kaniyang khaki jacket. Isang gabi, sinabit niya ang jacket malapit sa kaniyang kama. Kinaumagahan, napansin na lang niyang nakasukok ang mga manggas ng jacket sa bulsa—linamig ba ang jacket? Sumunod na napansin niya ay ang pagsutsot ng kung sino sa tuwing nag-iisa siya sa Music Room. *Psst. Psst.* Nasa dulo ang Music Room sa kumpol ng mga kuwartong inilaan para sa pagtuturo. Para makarating ka doon, iikot ka pa ng isang laberinto. *Psst. Psst.* Paano naman mangyayari na sa tuwing lilingunin niya o hahanapin ang sumusutsot, wala naman siyang makita. Walang maririnig na karpas, ni walang kasunod na halakhak. Sutsot lang, pero hindi siya sanay na sinusutsutan.

Duluhan ang puwesto ng Music Room. Tumbok, dead end. Ito ang kuwartong pinakamalawak sa kumpol ng mga cottage, ang may pinaka-elevated na silong. Malayo sa kalsadang tatatlong sasakyan lang ang umaakyat-baba. Pinaglalagakan ng maraming samples ng instrumento

ang silid, na may bukod na locker. Ito na ang bersiyon ng eskaparate na may mga mamahaling gamit na hindi pinahahawak sa mga mag-aaral. Sari-sari ang pinanggalingan ng mga instrumentong etniko: at masarap isiping ipinamigay sila. Pero mas malamang, nabili at nakubra sa mga tahanang ni ayaw silang pakalawan dahil pamana ng mga ninuno. Pero atin-atin na lang ‘yun. Hawak ni Ms. Cacawasan ang susi ng katubusan ng mga instrumento, nakasukbit iyon sa kaniyang baywang na mas malapad pa ang isang plantsa.

Masinop namang nakatago sa bukod na cabinet ang mga instrumentong tulad ng biyolin, bandurria, gitara, flute at clarinet. Ito ay bukod pa sa mga personal nang gamit ng mga estudyante mismo. May unawaan na kapag kailangang hiram ng estudyante ang gamit, isosoli niya iyon pagkagamit. Naka-logbook ‘yan, may resibo. Naka-catalogue iyon at may specific number. Iniinspekyon muna bago i-clear pag nasoli. Iniimbentaryo ito taun-taon, at tuwing budget time, may wishlist ang Music Department ng mga bagong batch, kung kakailanganin. Bawat instrumento ay mamahalin, hindi kailanman nagtipid ang eskuwelahang ito sa mga ganyang bagay. Tulad ng mga maleta, may kaniya-kaniyang tatak ng pinagdaanang airport at bayan ang mga ito. Sa isang bukod pang stockroom nakatambak ang mga tuluyan nang nasirang instrumento.

Actually, sa tingin ni Bayang, mausaleo naman talaga ang Music Room. Nabubuhay lang ang mga bangkay na instrumento kapag tinugtog. Pero sa palagay rin niya, nasisipsip ng espasyo ang negative vibes ng mga instrumentong nahostage—wala kasi iyon sa tunay na nagmamay-ari. Marami sa mga instrumento’y donasyon ng mga sikat na musikero, n-solicit halimbawa ni Madame sa kaniyang endless cultural tours. May nanggaling ng Ukraine, Laos, Vietnam, Liberia. May nabili mula sa mga sanglaan ng India, Portugal, Germany at Nepal. Ang mga local at indigenous instruments ay may kaniya-kaniyang seller, na kadalasa’y mga tao rin na kakilala ni Madame.

Naiisip ni Bayang na ang mga bangkay na iyo’y mula rin sa mga dating buhay: mga puno sa gubat, mga balat at buhok ng hayop, mga tadyang o palad ng halaman, mga kaliskis ng animal. Wala ring pinagkaiba sa mga pinatigas na animal specimens ni Sir Mael. May mga instrumentong pasaway at walang paggalang sa ritmo ng katahimikan at ingay. Tulad ng kudyaping iyon. Gaya ng isang palpak na mangingibig, hindi siya

maasahan sa maraming bagay, lalo na ang pinaka-dahilan kung bakit mo siya pinatutugtog.

Lisa pa lang ang nakahawak noon. Isang nangahas na humawak noon, at isa siyang kilalang musikero. Ginamit sa isang biglaang konsiyerto na hindi na naulit. Patungo ng music festival sa Bath London ang musikero at ang pagbisita niya sa bundok ay bahagi ng x-deal para sa paglikom ng kaniyang pamasaha. Binigyan nga siya ng travel grant, pero airfare lang at bahala na siya sa living expenses. Nainsulto ang musikero pero hindi na nagpahalata. Walang bisa sa Ministro ng Kultura (inappoint ng military official na naging presidente dahil sa isang coup) ang dami ng kaniyang mga medalya, ang hits niya, ang popularidad. Sinabi niya talaga ito sa kaniyang spiel. Friendly naman ang audience. Bagets man sila, nakikilala nila ang musikero dahil isinasama ni Bayang sa kanilang mga leksiyon ang importansiya ng popular music. At hindi man niya aaminin sa pagmumukha ng musikero, kumpleto siya ng mga CDs nito. Mula sa mga kantang parang rinecord lang sa banyo. Noong kilala pa ang musikero sa pagbibigay boses sa mga hinaing ng mga magsasaka at manggagawa, at ginagamit ang mga awit sa mga rally. Hanggang sa mga album nitong may tema ng pagsagip sa kalikasan. May bagong release na album ang musikero, binili ni Bayang pero hindi niya nagustuhan. Dahil ba sa parang katunog na lang iyon ng persona ng mga hugot hits? Wala namang nagbago sa arrangement ng mga kanta. Naupdate nga lang ng sitar, hegalong, marimba, at geomungo kaya nagtunog World Music. Marahil, naghahanap lang siya ng bago, iyong hindi pa niya naririnig. Umaasa siya na makukuha muli ng musikero ang kaniyang huwisyo.

Sa kalagitnaan ng konsiyerto ng musikero, biglang naputol ang kuwerdas. May nahugot na kable sa soundboard at tumili ang feedback. Nagtakip ng tenga ang mga tao, marami ang napangiwi. Nasa kalagitnaan rin ng pag-awit si Bayang. Bago napigtas ang kuwerdas, dinig na dinig niya ang hininga ng kaniyang katabi, ang kaluskos ng mga paa, kahit ang isang naisipan yatang magbuklat ng polvoron. Matapos ang pagkapigtas, ang daldalan, bulung-bulungan, walkie talkie. Nangiti ang musikero, ngiti lang. Mabilis ang damage control, nakahanap kaagad ng canned recording ng kaparehas na instrumento. Pero hindi swak. Matapos ang konting patawa na linamon naman ng mga nakikinig, ang kudyapi'y sinalo ng isang elektronikong hegalong mula sa isang nanonood na alumni. Natapos ang

konsiyerto na tila walang nangyari. Pero iyon ang naging paksa ng musikero at ni Bayang sa likod ng stage.

“That was close,” sabi nito.

“Natapos mo naman nang maayos. Binabaan mo na lang ‘yung melody ng konti di ba, at magaling pumick-up ‘yung back-up mo.”

“At ikaw ‘yun.”

“At ‘yung batang musician na alumni.”

“Nga e. Pero alam mo, may napansin ako sa kudyaping iyon. Saan ito galing?”

“Ang sabi, pinamana ito ng isang datung Maranaw sa kaniyang angkan.”

“Am not surprised. Kasama ba ‘yan sa nahakot sa Mindanao?”

“I couldn’t say. Basta isang set ‘yan e, kasama ang mga kulintang, agung, atbp. Nagagamit namin ang mga kulintang at agung pero ‘yang kudyapi, hindi.”

“Bakit?”

“Takot kaming masira.”

“Oh, so gumamit pala ako ng lab equipment na bawal gamitin.”

“Hey, acknowledgement ‘yan ng status mo.”

Nagkibit ng balikang musikero. “Di ba we must have a connection with the instruments we play?”

“Oo naman.” Nagsindi ng yosi ang musikero, inalok si Bayang.

Nangiti ang babae. “Sorry, pero pinipilit kong tumigil.”

“Talaga?” Pause. “Bakit?”

Hindi iyon sinagot ni Bayang. Tumango ang kausap. Hinugot nito ang sigarilyo sa kaniyang bibig at matapos, binalik ang kaha sa beltbag. Medyo nagulat si Bayang sa kilos pero kakatangwag pinalampas na lang niya. “Huy, wag mong linalang-lang ‘yang boses mo. You have a wonderful voice. It has a quality na matagal ko nang hinahanap—‘yan ang boses ni Lolita Carbon bago nagkaroon ng lamat.”

“Ikaw ha. Sumbong kita.”

“Bakit, may nasabi ba ako?”

“Icon si Lolita Carbon just as you are.”

“Bakit close ba kayo?”

“Hindi. Pero it’s subtly ageist. And sexist.”

Natawa ang musikero. Lumingon ito sa likod. Baka na-off sa kaniya? Ang pagtago ba ng sigarilyo’y pakikiisa? Ang paghambing ba kay Lolita Carbon ay papuri? Ito na ba ang pinahihiwatig na honor code? Igalang ang katawan mo lalo na kung ginagamit mo ito sa pagtugtog?

Ito ang pangaral ng istriktang piano teacher niya tungkol sa kaniyang mga kamay. Hindi siya dapat pasmahin, ni hindi siya pupuwedeng maglaba, o magluto. Hindi siya puwedeng maging domestic goddess, haha. Kahit ang paborito niya sanang volleyball ay sinuko na rin niya. Para na siyang silkworm na pinatataba lang para dumura ng laway at matapos mabuo ang cocoon, wala nang silbi. Anak, ‘yan ang binigay sa ‘yo, naalala niyang nasabi ng kaniyang ama. Ang tatay na rin niya mismo ang nagsabing sundin ang bilin ng kaniyang maestra. Pero para saan ang magandang kamay, kung hindi mo naman mahawakan sa iyong palad ang gusto mong mahawakan, at hindi lang iyon ang teklado ng piano? (Ano kamo Bayang? Nasa ulo mo pa ba ang utak mo o nasa labahin, kasama sa mga dapat kuskusin para luminis?) Nangaligkig si Bayang sa naisip. Gano’n ba siya talaga kahalaga? Kaya ba niyang talikuran kung sakali? Dapat. Kaya? Naman.

Maraming anekdota ang musikero, at hindi na alam ni Bayang kung may mga bahagi ba ng anekdota na nakaligtaan niyang pakinggan. Isang dalagita na ang nagsasayaw sa tanghalan ngayon, sinusundan ng mga kasamahan nito. Naka-Ifugao costume, mga tapis na binili sa ilalim ng tulay ng Quiapo at beige nylon na mga blusa, para kunwari, balat. Bukod sa mga kuwintas na gawa sa puka shells at bao ng niyog na pinagmukhang ngipin ng baboyramo, may maliliit na palayok na nakapuwesto sa mga ulo nila. “Hindi mo ba naitatanong kung minsan kung gaano ka-authentic ang mga nakikita nating mga sayaw?”

“I think it’s naive to assume they are authentic at all. Wala tayo sa Bundok Kiangan,” ang sabi ng musikero.

“O’nga. Kasi kung naro’n tayo ngayon, may baboyramo nang iniihaw at sumasayaw na tayo ng ganito,” at ginaya ni Bayang ang dance step na gumagaya sa kilos ng ibon. Sinakyan ni musikero ang biro, at bago pa sila hinila ng mga kabataang babae na sumayaw, nasa tanghalan na mismo sila. Tila nahawa ang mga tao sa kanilang pinakitang enerhiya. Lahat ay sumali. Si Sir Giacomo, ang mga faculty, kahit sina Mang Lino at Ms. Praxi.

Maliban kay Finn na tuloy lang ang lalal ng lambanog at nakatingin sa kaniya. Nagseselos? Ngingitian siya ni Bayang. Ibinaling ni Finn ang pansin sa isa pa nilang co-faculty, ang long-legged na si Glenda. Parang wala na ring nakita si Bayang. Inenjoy na lang niya ang sayaw. Nang matapos ito, inabot pa ng musikero ang kaniyang kamay para maaalalayan siya sa pagbaba sa stage. Wala siyang maalala na ikinilos na ganu'n ni Finn.

“As I was saying, may naramdaman ako sa kudyaping iyon. Lam mo ‘yun? ‘Yung pag basa ang paa mo at nagbukas ka ng lumang ref. Hindi mo ikamamatay ‘yung ground. Pero sapat para maalala mong na-ground ka.”

Bakit siya kinakausap ng ganito ng musikero? Bakit nagchichikahan sila tungkol sa mga elektrisidad, mga vibes ng mga kahoy, bagting at teklado? Naasiwa siya sa pinatutunguhan ng pinag-uusapan. Gusto na niyang bumalik sa cottage. Hindi na baleng hindi na siya makapagpaalam kay Finn. Pero sumalok pa siya ng isa pang tasa sa punch bowl.

“One time, kinuwentuhan ako ng anecdote ng lute player sa China. How he foolishly allowed another musician to use his lute, and it was said that after that, he couldn’t play a single note on that lute.”

“Wow. Para kang nanakawan.”

“Exactly. But it was also said that the one who got the lute’s soul also died a miserable death. Kasi the lute kept on calling him to play, and play he did, non-stop, until he stopped breathing.”

Nagkangitian sila ng musikero.

“Kuwento lang ‘yan, e.”

“Possibly. Pero ako naniniwala.”

“Paano kung sabihin ko sa ‘yo na ang kudyaping ‘yan, lalo na ang frets nito, ay mamula-mula. Mahuhulaan mo kung bakit?”

“Varnish?”

Umiling si Bayang.

“Blood.”

Tumango si Bayang.

“May storya sa kung pa’no nabili ‘yang kudyaping ‘yan. Bukod sa galing ‘yan sa magulong bayan, matagal nang pinaglalawayan ito ng kulektor na nakabili. Until a tragic event happened to the datu’s family.”

“What was the tragic event?”

“We don’t know, pero naubos raw ang angkan.”

“It could be an intertribal war.”

“Puwede.”

“Or some family member was bitten by greed.”

“Mas puwede.”

“May prinsesang nakidnap ng manliligaw na matanda at naghiganti ang spurned lover.”

“Puwede.”

Nagkatawanan sila ng musikero.

“Kuwento lang rin, puwedeng totoo, puwedeng hindi. Nasagap ko lang sa storyahan ng mga utility na naglilinis dito kapag wala nang klase at bakasyon.”

“Bakit, nakikipagkuwentuhan ka ba sa kanila?”

“No. I just listen in to their conversations.”

“Ah, so eavesdropper ka pala. Then maybe you’re not a musician.”

“So what am I?”

“A gossip columnist?”

“He!”

Nasa background si Finn, umiinom pa rin ng lambanog at pasulyap-sulyap lang sa kanila. Kausap na niya ngayon si Loreto. Si Glenda nawala. At alam ni Bayang na naiinip na naman ito. Paulit-ulit lang kasi ang ikinukuwento ni Loreto—katulad ng mga ibong sumisiyap sa umaga na pare-parehas ang intonasyon at timbre ng lalamunan.

“Actually, magka-height lang daw kami ni Rizal...” nahuli ni Bayang ang buntot ng sinasabi ni Loreto nang dumaan ang dalawang lalaki sa kaniyang harapan para kumuha pa ng mas maraming kangkong kropek. “Kaya nga sabi ng wife ko, baka kaya lapitin ako ng mga babae.” Kamuntik nang mailuwa ni Bayang ang nginguya niyang lumpiang gulay nang marinig ito.

“Sa totoo lang hindi naman siya pangit,” sabi ng musikero. Ano ba ang tinutukoy nitong “pangit”—ang kudyapi, ang venue, ang kinakain, o siya mismo? Tiningnan niya nang mabuti ang musikerong kausap at ini-imagine niya ang pagkahimatay ng mga kaibigan niyang mga babae sakali

mang malaman nilang kaharap niya ito ngayon. May mga mata siyang ekspresibo na maaring bumagay sa isang artistang lalaki na sawi sa pag-ibig. May dating din ang mukha at katawan na tila mahiyaing probinsiyano, pero kinukubli sa kunwaring tiwala. Nababasa niya iyon, at hindi rin niya alam kung paano niya iyon nalalaman. Nasa suot ba nitong Sagada weave jacket at itim na kamiseta't pantalon? Sa gupit nitong malapit sa anit at brass na pulseras sa kaliwang kamay? Sinusundan pala ng musikero ang kaniyang mga mata at nangiti ito.

Nakahanap si Bayang ng safe topic. "Nababasa ko noon ang nanay mo. I loved her stories. Is she still writing?"

"Hindi na, but she'll be happy to know that she's being read." Naubos na ng musikero ang punch. "Want some more?"

"No thanks. May gagawin pa ako bukas."

"We're leaving tonight. Are you staying here or—"

"Am based here."

"Too bad. Kala ko, makakapagkuwentuhan pa tayo pauwi."

Ngumiti si Bayang. Ang kudyaping pinag-uusapan nila kanina ay ibinalik na rin sa kabinet ng Music Room. Lumalapit na sa kanila si Sir Giacomo.

"We'll be leaving in thirty minutes?" sabi nito sa musikero.

"Sure." Tinapik na lang siya ng musikero sa balikat at umalis na. Kumaway si Finn na mauuna na siya, at sabay na silang naglaho ni Loreto sa direksiyon ng kanilang dormitoryo.

Madalas nilang ilarawan ang musika bilang organisadong tunog na linapatan lang ng organisadong katahimikan at ingay. Nais isipin ni Bayang na kung recording ang kaniyang buhay noon, hindi iyon malinis. Dinig na dinig ang lapat ng karayom sa plaka, ang hininga ng mang-aawit, ang hugong ng paghimig ng piyanistang labis na nalulugod sa pagteklado, ang nagtutubig na laway ng isang trumpeta o saxophone. Kung piyesang rock, andaming fuzz at distorsiyon. Ultimo ang patak ng pawis nasasagap.

Pero bakit kaya, sa kabila ng "ingay" na iyon, kay tahimik ng kulay at paraan ng kaniyang pananamit noon? Laging mapusyaw ang kulay ng kaniyang mga polong sinusuot noon. Nang naglalandian pa lang sila ni Finn, bihira siyang magpalda o magbestida, at kung hindi siguro sa mahabang kulot niyang buhok at pagsuot ng make-up paminsan-minsan, hindi siya

mapapansin bilang babae. Nag-ayos lang si Bayang nang naging hayag na sila. Kakatwang napabili siya ng mga floral na bestida, palda, ultimo payong at doll shoes. Kahit ang kinasusuklaman niyang pagpapabango ay ginawa niya. Na-conscious siya sa kilikiling ginusto niyang paputiin at ahitan ng balahibo, at sinumpa niya ang pagtubo noon ng buhok. Nakatikim ng wax ang kaniyang binti. Dinalas-dalasan niya ang pedicure. Ang kilay niyang malago ay pina-ahit niya para magkakorte. Iniwasan na niya ang mga accessories ng isang gypsy. Ngayon, mga maliliit na hikaw at isang kawad na lang ng manipis na fake gold. Itsura lang ni Claudine Barreto. Gusto niya kasing pakibagayan sa simula ang mga kapwa niya rin mga babae na humuhusga ng kaniyang pagkababae. Para bang akala niya, isa siyang kulisap na kusang mawawala sa dinapuang puno. ‘Yan ang pagkakamali niya. Hindi kailanman naging filter ang pagiging “totoo sa sarili” sa eskuwelahang iyon. Music teacher ang identity niya dito, tulad ng colleague niyang si Loreto. Pero ang trato sa kaniya’y kulasisi.

Hawak ni Loreto ang classical at Western canon at siya, ang ethnic at indigenous. Gusto sana niyang tanungin noon si Sir Giacomo kung bakit parang arbitrary ang pagkaka-assign. Parehas lang naman silang music major, may M.A. pa nga siya. Pero olats siya sa foreign degree ni Loreto. Wala pang programa noon para sa contemporary. Gustong-gusto pa naman niya sanang makipagpalitan ng anecdotes tungkol sa mga piyesang una nilang natutuhang tugtugin—tulad ng “Eye of the Tiger” sa electric guitar o “Still Loving You” ng Scorpions. ‘Yun bang magkaalaman na kung ga’no kabaduy bago pa natuto ng mga “aral” at “magandang” piyesa. Gustong-gusto niya sanang paghaluin ang mga forms, lagyan ng sayaw, script, gano’n. Alam niyang *kung* papayagan lang siya ni Sir Giacomo, kayang-kaya nilang makabuo ng kahit isang musical na sila lang ang nakaisip.

Well, na-typecast na siyang salot na kulot at temptress supreme. Kung minsan, pag napapaaga ang paglalakad niya patungo sa Music Room, tumutugtog siya ng piano. Freestyle lang. “Gymnopedie No. 1” muna ni Satie at saka niya lalabusawin. O Brubeck, kahit nga Philip Glass. Ini-imagine niyang may layaw siyang parang sinasapian kapag kaharap ang piyano. Wala namang nakapapansin. Hindi siya sumasabay sa baba ng mga tao tuwing umaga. Ugali niyang mauna sa eskuwelahan ng at least one and a half hours para psychically handa na siya. Wala namang problema dahil mas maaga pa ang mga utility na naroon, winawalis nila at inaayos ang

mga classroom bago dumating ang mga klase. Kabatian na niya ang mga manong doon, kangitian ang mga babaeng naglalabas ng mga mantel para paarawan at nagpapagpag ng welcome mats sa pasilyo. Noong umagang iyon, naabutan siya ni Loreto na tumutugtog na mag-isa. Pumalakpak ito. Muntik na naman siyang matawa sa itsura nito. May makakapagsabi kaya sa kaniya balang araw na mukha siyang tukmol?

“Misteryo ka sa akin Bayang e. Hindi ka mabarkada, wala kang bisyo, at hilig mo lang na mangulekta ng mga CDs at libro.”

“Hindi ka ba nangungulekta ng CDs at libro?”

“Not as much as you consume. Para kang anay kung maka-concentrate e.”

“Grabe ka naman!”

“Pero you can play like a concert pianist.”

“You flatter me too much.”

“Narinig na ba ni Finn na tumugtog ka ng ganiyan?”

Napatingin siya kay Loreto. “He never asked me to play for him.”

“Really? But you do a lot of play?”

Tiningnan niya nang mabuti si Loreto, mula ulo hanggang paa. Height: 5”, baka nga 4’11” lang dahil sa sapatos na madaya. Weight: 110 lbs. Chocnut muscles, signs of flab sa mid-area. May slight anghit. Astigmatism, slight strombosis, left eye. Bembol Roco bald pate.

“Yan ang mahirap sa nangyari e. Nagkunwari na lang siyang hindi niya nakuha ang “joke”. Kumalat na ang ugnayan nila at hindi mo na maaring sabihing “baka naisip mo lang”. Ina-assume na ng mga colleagues nila na puwede na silang mag-probe. Parang naging pag-aari ng lahat ang kuwento nila.

Tinuloy ni Bayang ang pagtugtog.

Napa-ehem na lang si Loreto at binuksan ang mga bintana.

“Kaya pag nagtuturo na ako ng piano ngayon, lagi kong pinaalala na ang instrumentong hinahawakan nila’y katumbas ng kanilang katawan. What is within is without.” Tumigil sa pagtugtog si Bayang sandali.

“Ngayon ako naman ang ginugulat mo Loreto.”

“Bakit?”

“Well, Buddhist ka rin pala.”

“No, I’m Catholic.”

At tinuloy na ni Bayang ang pagtugtog, hanggang sa dumating ang klase. Nagkaniya-kaniya na ng upo ang mga bagets, inayos ang kaniya-kaniyang instrumento, at kaniya-kaniyang kabit ng music sheets. Wala na siyang baby pagdating sa pag-aayos na ito.

Mahirap namang ibukod ang musical noise (o ingay na nagmumula sa proseso ng paglikha ng musika, gaya ng pagngisngis ng daliri sa tumbong ng gitara) sa regular na ingay, ang hindi musikal at mas musikal, dahil tama si Loreto, “what is within is without.” Ang katawan ay hindi ibinubukod sa instrumento. Kaya ba kinakalyo ang baba ng mga violinista? O natututuhan ng sikmura ng nagtrumpeta na pigilan ang bahing o ligwak ng plema? May pagkasanay ba ang mga ugat sa pangangalay? Bukod sa ingay na insidental, i.e., mga iyak ng batang pasaway na pinauupo sa isang sulok para pagbigyan ang pretensiyon ng “tamang palaki” ng magulang, ang ingay sa orchestra’y kasabay rin ng musikang linilikha: kaya ang hanging iniihip at humuhulas mula sa embouchere ng clarinet ay gaya rin ng hilik ng isang lasing, ang pagtuktok ng valves ng tuba ay paglagutok ng mga buto sa kamay ng sekretaryang napagod sa encoding. Daraan ang buong maghapon sa ganito lang, sabi ni Bayang sa sarili. Salimbayan ng musika at ingay. Ng pagganap at paghubad ng sarili. Kasi, pagkatapos ng rehearsal, kailangang magligpit. Itatago nila ang mga instrumento sa mga ataul, aalisin ang sipit sa mga music sheets, isosoli o itatago ang mga papel sa kabaong ng filing cabinet, dadamputin ang kaniya-kaniyang knapsack at lalabas para abangan ang shuttle, sa isa pang kabaong na dinedelay ang pagniniig sa lupa pero nangangamoy aksidente. Nangaligkig uli si Bayang. Ayaw niya ang ugali niyang ito. ‘Yung hindi niya malaman kung may third eye siya o ano. Pero kapag aalalahanin lang niya ‘yung asbestos ng brake pads kapag lumiliko’t lumilihis, parang nasusuka na siya. Teka, kanina pa ito. Whaark. Buti natakbo niya ang cubicle. Whaark. Hinga. Suka. Hinga, suka. Kalove-affair na niya ang inidoro. Sa paglabas, nasulyapan niyang muli ang kudyapi na nasa display cabinet.

“Ma’am Bayang, pa’no to, napunit ko po ang page 5?”

Nagtatanong ang bata nang walang kamalay-malay sa pakikipagbuno ng kaniyang bahay bata. Lumingon si Bayang sa magkabilang balikat. Tila wala. Mabilis niyang sinipat ang blusa, pinagpag ng konti ang palda.

“Pakuha ka na lang ng duplicate.”

Lumabas ang kabataan sa music room, nagpunta sa office. Pamaya-maya, pumasok na si Ms. Cacawasan, dala ang master keys ng filing cabinet. Pumasok silang dalawa sa CR. Kakahugas lang ni Bayang ng napagsukahan sa lababo. Sumulyap sa kaniya si Ms. Cacawasan pero hinila lang nito ang first drawer ng filing cabinet, may hinugot na bungkos mula sa isang folder doon, at ibinigay niya sa kabataan. Makakalimutan na sana ni Bayang ang insidente pero pamaya-maya’y biglang umalingasaw ang silid. Parang may nahukay na imburnal, naghahalo ang amoy ng repolyong bulok, kanal, putik, naaagnas. Parang mas lalo siyang nasusuka.

“Nasira na naman ba ang toilets?” sabi ni Ms. Cacawasan. Pasok na naman siya sa CR, sabay halos sila ni Bayang. Kamuntik nang tamaan ng projectile ng tapsilog at laway ang mga daliri ni Ms. Cacawasan. Sampu, labinlimang segundo ang kaniyang pagdahak. May nag-abot ng tisyu sa kaniya at hindi na niya liningon ang mukha ng kamay. Tumalikod si Ms. Cacawasan at kinausap muli ang walkie talkie. “Ang kubeta? Malinis naman. Kanina. Walang namang iba.” Pagkalabas ni Bayang, nag-spray lang ng air freshener ang sekretarya na parang may nagprito lang ng dalagang bukid sa kusina. Nakangiti ito at parang naaliw pa ito sa munting eksenang naisip. Pagbalik ni Bayang sa classroom, binati siya ng sangsang at burak na amoy. Nagtakip siya ng panyo sa ilong at bibig. “Hay naku, may problema na siguro ‘yung septic tank,” sabi ni Ms. Cacawasan sa kaniyang kausap sa walkie-talkie. “May advisory ba kayo? Pakitanong naman si Sir Lino o.”

Humahangos muli si Bayang sa banyo. Whark. Pero wala nang lumalabas. Masakit na sa sikmura.

“Ms. Bayang? Are you all right? Kailangan mo ba’ng pumunta ng klinik?”

Umiling lang si Bayang. Nagkatinginan na sila ni Ms. Cacawasan. Ito ang unang umiwas ng tingin.

“Ms. Bayang, baka gusto niyo munang mag-break? Puwede ko po namang ibilin ang klase kay Mr. Loreto.”

Kung may ugali man si Ms. Cacawasan na kinagigiliwan ni Bayang, ito ay ang pag-unawa nito sa relasyon ng katahimikan at ingay. Marunong itong magtakip.

“Hindi, ganyan lang ako kung minsan. I’ll manage, may iniinom rin kasi akong gamot.”

Nakangiti si Ms. Cacawasan sa kaniya. Parang may kaharap siyang asong hindi makagulapay.

At 'yun, nagkadahilan ang klase na lumabas ng music room at mag-rehearse sa labas. Nang makalabas, parang humupa ang masamang pakiramdam ni Bayang. Hindi, sabi ng kaniyang isip na in denial. Hindi siya buntis. Imagination lang. (Un)immaculate conception. Pamayamaya, nawala na rin ang pangangasim ng kaniyang sikmura. Hindi na siya nasusuka. Inaantok naman siya.

“Class, tara,” sabi ni Bayang sa klase. Nagtinginan ang mga bata.

“Uwi na tayo?”

“Hindi, lilipat tayo ng venue.”

Isang kulektibong buntung-hininga ang narinig niya, pero hindi niya na lang pinansin. “Dalhin niyo instruments niyo, basta ‘yung portable lang. Tsaka notebooks at pens. Composition muna tayo.”

Nagkatinginan ang bandurria at gitara, taklobo at panpipi. “Ma’am pa’no rehearsal sa piano?”

“Well, pagtitiyagaan natin ‘yung nasa Auditorium. Paisa-isa.”

Isa na namang kulektibong buntung-hininga. “Kaya nga composition na lang muna.”

Naglakad sila patungo sa main assembly hall ng eskuwelahan. Ang main assembly hall ay mukhang biotope, isang man-made greenhouse. Sa loob, may mga tumutubong mga malalaking bromeliads at sari-saring mga bulaklak. May mga natural looking ponds na may mga koi. Habang naglalakad, naririnig niyang nagbubulung-bulungan. Ano na naman kaya ang gagawin nila doon? “Ma’am, paano po ‘yung mga mabibigat ang instruments?”

“Did I say na kailangan niyong dalhin?” Halata ang inis sa tono ng kaniyang boses.

Nagkibit-balikat ang kabataang nagtanong. “Basta si Levy, bitbit niya violin niya kahit saan.”

“That’s all right. You can even bring your cello if you want to and if you can manage.”

“Si Ma’am talaga...”

May tumawag ng kanilang pansin. Si Loreto, humahangos sa paghabol. “Sama na ako sa inyo.” Kasunod ni Loreto ang klase nito, na

katulad ng klase niya ay nagkaniya-kaniyang bitbit ng mga instrumento.

“Ano ba ‘to, para tayong mga na-demolish.”

“Sinabi mo.”

“Hindi rin nila matiis ang amoy.”

“Ano kaya ‘yun? Ang baho ano?”

“Ma’m, may halitosis na matindi ‘yung bunganga ng kubeta.”

“Hindi baka si Ethan lang ‘yun, naiwan niya sa toothpick ‘yung tinga.”

“Shhh! Tama na ‘yan. Hindi ‘yan maganda.” Kay Loreto. “Tingin mo, saan kaya nanggaling?”

“Hula ko dahil ‘yun sa pina-renovate na schoolroom malapit sa atin. Nagpalagay rin si Sir Giacomo ng fountain doon, di ba?”

“Ano namang kinalaman noon doon?”

“Ikaw talaga Bayang hanggang ngayon unbeliever ka na mahiwaga ang lugar na ito.”

Unbeliever. Nasabi ko na ba na ang lugar na iyon ay may kultong relihiyon? At nasa pinaka-Vatican na sila dahil nasa loob na sila ng globular assembly hall. Gawa sa matibay na polycarbonate plastic ang bubong, transparent at kamangha-manghang hindi pa naninilaw sa tagas sa mga elemento ng araw at hangin at ulan. Kala mo’y forcefield na tumitiklop kapag sinasalakay, pagka’t nabubuka’t nasasara ang ilang contours para sa natural light. Modelo raw ng arkitektura nito ang Acquario sa Genoa Italy at ang Mehang Gardens sa Singapore. Siyempre may impluwensiya ng Opera House sa Sydney. Globular na parang kahugis ng nakatuwad na kalabasa. Linagyan ng Filipino character sa mga halamang itinatampok—dito mo maaamoy ang nagtatagisang ylang ylang at sampaguita, pati rafflesia at gumamela’t pitimini. Maraming mga bromeliad at orkidyas. May mga nakasabit na installation pieces ng isda, itlog, sarimanok. Sa pagkakadiseno ng mga arko’t mga sulok na isang imitasyon ng gubat na gawa sa industriyal na materyal. May mga slopes na puwede kang magslide, mga contours na nakapagpapaalala ng mga ramps ng mga laruang tren o marbles. Pag Arts month, rumarampa ang mga bata dito, pati ang kanilang mga linikha. Sa isang sulok ng biotope may makikita kang tinatawag nilang Bibig.

Found sculpture ito. Ukab lang naman talaga ‘yun na may nakaharang na ugat-ugat ng baliteng sinadyang hindi putulin noong linagyan ng globular structure. Kapag gagawa ang sinuman ng desisyong mahalaga—ang pagsali sa isang kumpetisyon, halimbawa, o ang pamimili kung uuwi na lang o tiisin ang pagkawalay sa pamilya — ang Bibig ang magpapahiwatig. Kailangan mong mag-alay para maging “totoo” ang sagot. Bumubuka ang Bibig kapag ibig nitong ipahiwatig na Oo, at nananatiling tikom kapag Hindi ang sagot. Tatal ang Oo at Hindi ay napaka-metapisikal nang mga salita. Kung papaano nila itinakda na bumubuka ang Bibig ay hindi alam ni Bayang, dahil parehas itong nakabuka (lagusan) at parehas itong nakatikom (kasi hindi mo nga matanaw ang nasa loob na parang blackhole sa dilim.) Wala siyang kilala na nangahas tuklasin kung saan ba lumulusot ang papasok sa Bibig, kung ito ba’y makalalabas sa kabilang dulo. Wala siyang kilala pero posibleng wala ring nagkukuwento. Malay ba niya? Hindi lang naman ang mga estudyante ang nakakaalam ng secret spot na ito kundi pati ang mga maintenance at admin. Pero marami na ang nagsasabi na ang sinumang pumasok doon ay isusumpa ng Diwata. Kung kanino nanggaling ang kuwento at kung kailan ay walang nakakaalam. Puwede mo raw itanong kung crush ka ng crush mo, kung linoloko ka lang ng ka-relasyon, at kung papasa ka ba sa Visual Arts 100 o makukuha ka sa auditions. May walking tour dito ang mga freshman kapag nakalarga na ang kanilang mga magulang pabalik. Kasama sa bonding ng mga freshies at senior years ang paninigurong ang Bibig ay mananatiling lihim na batid lang ng isang tunay na tagaroon. Ang mitolohiya nito ay hindi ipinakakalat labas sa mga estudyante. Kung ano ang naikuwento sa tapat ng Bibig, mananatili lang iyong nasa Bibig.

Noong bata pa si Bayang, takang-taka siya sa ginagawang ritwal ng kaniyang mga kaklase. 1979 iyon. Hayun sila, magdadala ng mga prutas, minatamis na saba at kamote, bigas, nganga, sigarilyo. Atang ang tawag nila. Ilokanong salita. Kay Sir Lino ba nanggaling? Pag may handa sa eskuwelahan, may isa sa mga maintenance na mag-aalay ng pagkain doon. Ni minsan, hindi siya sumali rito. Kung hindi maiwasan, magkukunwari siyang nagdarasal kapag nakapikit na ang lahat.

Pinilig-pilig na naman ni Loreto ang kaniyang relos pagkadaan nila sa Bibig. “Nagwish ka na ba dito?”

Parang walang narinig si Bayang na tuloy-tuloy lang sa lakad.

“Gaya ng relo ko, lagi itong advanced.”

“Ha?”

“Naririnig nito ang hihilingin mo kahit hindi mo sasabihin.”

Tumawa nang tumawa si Bayang. Sa tagal ng kaniyang halakhak, sumakit ang kaniyang tiyan.

“Lagi ko itong shinessake nang ganito para tumatapat ‘yung gears sa aking pulso.” Natawa uli si Bayang sa sagot ni Loreto pero nagkunwari na lang siyang nahimasmasan sa nakita niya sa labas ng pyroplastic wall ng biotope. “Saranggola ba ‘yun?”

“Yes. mga saranggola nga.”

“Wow! Tingnan mo ‘yun, o. Ang gaganda. Nakakatuwa.”

Mga pinalilipad iyon na mga likha ng klase ni Finn. Saglit na napatanga ang mga kabataang nasa loob ng kalabasang malaki. At parang kinati ang kanilang mga talampakan nang humugos sila palabas ng biotope na akala mo’y may lumapag na spaceship. “Wow!” Napuno ang langit ng mga malalaking ibon, dragon, paruparo, isda, pawikan. Nagtatalon ang mga kabataan at kinikilig sa pagtingin sa pakikipaglandian ng mga buto’t balat na lumilipad sa langit.

“Alam mo Bayang kung nakapasyal ka ng Japan maalaala mo ‘yang mga saranggolang iyan. May significance ‘yan sa kanila.”

“At anong significance?”

“Well, meron silang tinatawag na Boy’s Day doon.”

“At para saan ‘yun?”

“Magpapalipad ng mga saranggola ang mga ama para ipagdasal ang paggabay ng mga ispiritung ancestral sa mga bagong silang na anak na lalaki.”

“E pano kung malaki na ‘yung bata?”

“Kasa-kasama sila sa ritwal. Sila ang gumagawa ng saranggola mismo.”

“I’ve never been to Japan.”

“Well, you should try. Habang bata ka pa. At habang wala ka pang pamilya.”

Katahimikan. “Ano ba’ng nangyayari sa ‘yo kani—“

“Hindi ko pa iniisip ang mga ‘yan Loreto.”

“Who knows? Baka ayain ka na ni Finn.”

“May masasagap ka sigurong balita tungkol sa amin anytime soon,” wala sa loob na naibulalas ni Bayang.

Ano? Bakit niya ‘yun sinabi? Close na ba sila?

“Good news?”

“Well, depende kung pa’no mo titingnan.”

“Hmmm. Napaisip ako diyan a.”

Ngumiti lang si Bayang.

Ilang metro na rin ang kanilang nalalakad palayo sa direksiyon ng Bibig nang biglang tumigil sa gitna si Loreto. “Narinig mo ‘yun?”

“Ano?”

“Psst. Psst.”

“Hay naku, Loreto. Pa-check mo na nga’ng tenga mo.”

Tumigil uli si Loreto na parang tinatantya kung nasa tamang tono ang naririnig.

“Hayan o.”

“Baka kung ano na ‘yan. Tayo-tayo lang naman ang naririto, at ‘yung karamihan sa mga estudyante natin, tumakas muna sa atin para manood muna ng palipad ng saranggola.”

Napakamot ng di makitang balakubak si Loreto. Ipinilig niya ang relo niya. Pinakinggan ang tick-tock.

Wala nang klase sa composition na naganap. Tila nagkaunawaan na sina Bayang at Finn na ito na muna ang bahala sa mga Music Students, na inaliw rin niya sa paged-demonstrate ng paggawa ng mga guryon. Gustong gusto ni Bayang na pagmasdan si Finn sa mga sandaling ganito siya: parang isang nakatatandang kuya o tiyuhin o ama. Ituturo ang paggupit at pagdikit ng balat, ang papel ng mga guryon. Ituturo kung paano binibigkis ang mga patpat, maging ang pag-test kung balanse ito. Iwo-workshop ang disenyo ng mga magaan ang lipad, ipaliliwanag kung bakit may mga disenyong bumabagsak. Kapag pinaalagwa nito ang mga guryon, umaalagwa rin sa kaniyang anit ang buhok niyang kulot-kulot at mukha siyang masayang kerubim. Napahalalakhak niya ang pinakaseryosong bata, napatatahimik ang pinaka-makulit at napasusunod ang mga pasaway. Parang barkada lang sila kung mag-usap, pa-apir-apir pa kapag nakakaunawaan. Lumipas ang oras na parang kay bilis. Masaya ang mga bata nang dumating ang sasakyan. Magkatabi sina Finn at Bayang, nangngingitian, pero hindi nag-uusap.

Sa cafeteria, naging usap-usapan ang amoy na umalingasaw sa Music Room. Lumalabas na hindi lang pala ang mga klase ng music faculty ang apektado. Napatigil rin ang lecture sa drawing, ang barre exercises, ang paggamit ng potter's wheel. Iisa ang reklamo nila. Hindi nila matagalan ang amoy. Na-weirduhan si Bayang. Pare-parehas ang deskripsiyon. Umaalingasaw, nakakasuka, parang bulok na repolyo, itlog. Ano 'yun? Parang nabubulok raw na bangkay? Hindi, parang mga sanitary napkin na nabulok, sabi ng isa. 'Lam mo 'yun, 'yung nakakainis na amoy ng dugo na malansa na parang may katas ng sampaloc, pero magnified daw 'yung amoy na parang hinaluan ng burak, tae, imburnal. May nagsabing parang halimuyak ng Smokey Mountain. Payatas. Ang nakapagtataka, aniya, hindi lang sa kanilang mga taga-Music nangyari iyon, pero hanggang Ballet Studio. Pati sa Arts Room. Tinanong ni Bayang kung anong petsa noon. Nov. 29, 1990. Kinagabihan, sinulat niya ang petsa. Itinala niya rin ang kaniyang pagsusuka. Tinandaang kailangan niyang bumaba bukas para magpatingin.

Hindi na siya magpapasama kay Finn. Tiyak na hindi naman ito interesado.

Ikalawang Proposisyon: O, Nahanap Mo Na Ba?

Magdala ka ng pocketbook o notes. Kung may walkman bilhin mo 'yung talagang kapit sa tainga mo. Minsan kasi, kahit napansin niyang may iba ka pang gustong gawin o may iniisip ka, binabasa niya iyon na panahon na para mag-perform. *Psst. Psst.* Sasabihin niya sa tainga mo. May tumatawag raw ng kaniyang pangalan: *Psst. Loreto. Psst. Loreto.* Nasa bus siya, o nasa bahay. May sumusutsot at tumatawag ng kaniyang palayaw. *Ssst. Itoy. Itooooy.* Ilang beses na niyang pinag-iisipan kung isusumbong niya si Loreto kay Finn. Sinubukan niya, pero natawa lang ito. Baka raw may crush sa kaniya. Parang siya pa ang may mali, dapat daw kasi, flattered siya. Pero ang sabi niya, hindi na ito simpleng pangungulit e. Minsan nagulat na lang siya nang lumabas siya ng cottage niya. Sa lanai na nasa porch, nakaupo si Loreto. Nakabisaklat ang mga hita. Nakatingin sa kaniya na parang nag-usap sila na magkita sa lobby. At ang tanging sinabi nito nang itinanong niya kung bakit? "May pinasasabi lang siya sa iyo."

"Sinong siya?"

“Yung kinukuwento ko sa ‘yo.”

Tumawa lang nang tumawa si Finn. E di gawin mo raw sa kaniya kung ano ang ginawa sa ‘yo. “Ano bubukaka ako sa porch niya at sasabihin kong Pass The Message? Para akong nabastos e.”

Bumuntung-hininga si Finn. Sumenyas na tumahimik muna siya, nasa paligid kasi ang mga “pulis”. Tinatantya niya kung dapat ba niyang sabihin ito kay Sir Giacomo. Pero magmula nang payuhan sila ni Finn na “magpigil sa gigil” nagdalawang isip siya. Ang roommate niyang si Nurse Hellena ay busy sa pakikipagtsismisan sa cottage nina Mael at Sir Lino. Out of the question na lapitan niya ang mga kapwa niya babaeng mga guro. Si Cressi? Puwede sana kaso... hindi niya mabasa kung ano si Cressi.

Minsan, magiliw. Lalo na kapag nagkasalubong sila sa library at nagkataong parehas sila ng hihiraming libro. One time nakita niya ito sa mall at may kausap doon na estudyante. Malungkot na malungkot ang mukha ni Cressi nang bigla siyang tinalikuran ng estudyante. Sinikap niyang kalimutan ang nasilip niyang iyon. Sinikap niyang burahin ang mukha ng babaeng estudyante na bukod sa may maamong mukha ay napansin niyang lumuluha rin.

Kaya kinimkim na lang niya. Hanggang sa siya na naman ang katabi niya sa bus.

At saka niya ikukuwento ang tila nagkataon lang na pagkakalaglag ng mga bulaklak na malapit sa kaniyang porch. Rosal, daisies, madre kakaw, santan, rosas. Ulan ng talulot. Kapag ikinukuwento ito ni Loreto, kumukumpas pa ang kaniyang kamay na akala mo nagcoconduct. Na pag inisip daw niya, sino ba namang baliw na magsusupot ng talulot at magpapaulan sa tapat pa ng kaniyang welcome mat sa cottage? Ilang beses na raw niyang sinubukang hulihin sa paggising nang mas maaga-aga. Hindi niya ito naaabutan, kahit noong binilin pa niya sa mga kapwa niya faculty doon sa male dormitory. Kaya nga raw naalala niya ang himala sa grotto ng Lourdes, nang maging sugo ang dalawang bata.

“Ano ‘yon?” sabi ni Bayang, at nagsisi siya kung bakit pa siya sumingit dahil naging hudyat pa iyon kay Loreto na ituloy ang kuwento. Pero hindi talaga niya alam ang sinasabi nitong himala.

“Hindi mo alam ‘yon? Hindi mo ba napapanood ‘yun sa tv noong growing up years mo?”

“Sorry, laging sira ang tv namin hanggang sa tinapon na lang.”

“Hindi ba ang dami tuloy mga batang babae na pinangalan kay Bernadette?”

“Sorry, WALA AKONG CLASSMATE NA BERNADETTE.”

Natahimik ito. “Ay, pasensya ka na, nakalimutan kong naka-walkman ako kaya ako napasigaw.” “Sila nina Lucia at—nakalimutan ko na ‘yung pangalan ng isa pa. Basta, tatlo silang mga mahihirap na bata sa France na nakarinig at nakakita ng apparition.” At kinuwento na ni Loreto ang mga batang iyon at muli, hindi naman siya talaga nakikinig, papulot-pulot lang ng mga piraso, detalye, sa kuwento. Hindi ba’t naka-amoy sila ng talulot ng bulaklak? Rosas daw iyon. May sariling halimuyak ang rosas. Oo, ani ng utak ni Bayang. Kaamoy nito ang mga punerarya. Ani Loreto, matatapos ang siklo ng pag-ulan ng mga talulot at mapapalitan ng pahiwatig ng mga insekto. Minsan, may nakita siyang pormasyon ng mga hantik. Korteng puso.

“Sa Lourdes?”

“Hindi. Dito. Ano ka ba? Hindi ka naman nakikinig, e. Paano ka naging musician? Anyway, sa bahay ng mga anay, may nakita akong isang mukha ng babae.”

“Malay mo naman kung marunong nang magdrawing ang mga anay.”

“One time, nakakita ako ng mga paro-paro. Palipad-lipad lang, paandap-andap lang sa aking likod at harapan.”

“Uy, nangyayari rin ‘yan sa akin.”

“Hindi iisa, ha? Tig-tatlo, tig-lima.”

“Baka dapat ka nang magpalit ng deodorant.”

Tumigil si Loreto sa paglalakad, waring nasaktan. “Itutuloy ko pa ba ang kuwento ko o ano?”

Ang clincher ng anekdota ni Loreto’y maiisipan niyang mamasyal ng SM. Gusto na raw niyang palitan ang kaniyang relo. May five years na rin kasi at nararamdaman niyang bumibigay na ang battery at bumabagal ang reflex ng mga kamay. Lagi tuloy siyang nalelate sa date nila ng kaniyang girlfriend, ‘yung babaeng nakatuluyan niya, si Marge na masarap magluto, na pinakamasarap magluto ng...

“Pinakbet, oo, nakuwento mo na,” sabi ni Bayang. “Ipa-adjust mo kaya para hindi mo na pinipilig?”

“Ha? anong sinabi mo?”

“Kako, ipa-adjust mo na ang relo mo.”

“Bayang, hindi iyan ang sinabi mo.”

“Bakit anong sinabi ko?”

“Magpasundo ka na kasi.”

“Ha? Hoy Loreto, tama na ‘yan ha, hindi ka na nakakatuwa.”

“At hindi na rin cute ang pangsusupalpal mo. Napaka-gentleman ko na nga sa ‘yo e.”

“Bakit ka ba nakikipaglandian sa akin e may asawa ka na?”

“Sinong nagsabi na linalandi kita? Kinukuwento ko lang sa ‘yo ‘yung kuwento ko. Masama ba ‘yun?”

“E bakit mo ba kinukuwento?”

“Kasi kaibigan kita. Bakit, nagkakamali ba ako?”

Huminga ng malalim si Bayang. Sayang. Sana ngayon siya nasusuka.

“O sige na. Ituloy mo na ang kuwento.”

May isang saleslady na lumapit sa kaniya. Napakaganda raw. Hindi mo aakalaing may saleslady na ganoon kaganda o kakinis. Pero hindi raw mestisa. Kayumanggi. Buo ang ngipin. Makislap ang buhok. Balingkinitan. May mga matang humihigop.

“Parang mga mata mo.”

“Ha?” Inusog ni Bayang ang sarili na mas malapit pa sa bintana. Lumingon sa likod nila. Tulog ang mga estudyante, napagod sa biyahe, sa rehearsal. Napagod sa traffic. Umuulan at nakatikom ang mga bintana. Malakas ang aircon.

Inaassist daw siya ng babae nang bigla itong mawala. Akala niya may kinausap lang. Pero ilang minuto na siyang naghihintay sa may estante ng mga relos na malapit sa eyewear. Katunayan nagsawa na siya ng kasusukat sa mga Rayban pero hindi na nagbalik ang salesgirl. Nang aalis na sana siya, may malamig na hanging dumaan. “O, nahanap mo na ba?”

“Ulitin mo nga ‘yon, Bayang.”

“Ang alin?”

“O, nahanap mo na ba?”

“Bakit?”

“Wala. May patutunayan lang ako.”

“O, nahanap mo na ba?”

Tumahimik si Loreto. “Gusto mong lagyan ko ng special effects?”

“Matamis ang tinig niya Bayang. Hindi kagaya ng ordinaryong tao. Ikaw nga, maganda na ang boses mo. Pero hindi ito kasing-tamis ng tinig niya.”

Isang matamis na tinig. As it turns out, hindi lang naman siya ang privileged na makinig sa mga kuwento ni Loreto. Magmula nang mapikon siya kay Bayang, hindi na siya kinibo nito. Kung sabagay, mabuti na ring alam niyang may hangganan ang kaniyang pasensya. Sa iba na lang siya mangungulit. Tatal, ang dami naman diyan na sabik o gustong makarinig ng ganyang uri ng kuwento. At hindi nga nagtagal, tila nagkapakpak ang balita dahil binulungan ang tenga ng lupa. Naikuwento na nga ni Loreto sa halos lahat. Sa liit ba naman ng populasyon ng mga tao doon. Pupusta si Bayang na pati ‘yung mga langgam at bubuyog doon alam na ang kuwento ni Loreto sa diwata.

Dito, musika ang tsismis.

Mismong si Sir Giacomo ay sumakay sa kuwentong ito. Nagpatawag ng isang reporter ng magazine at nagpasulat ng feature article tungkol sa kababalaghan. May photographer na kumuha kay Loreto, pero nang lumabas ang final article ay wala ang kaniyang mukha at pinili ng magazine na gamitin ang scenic shot mismo ng Music Room at ang corridor sa SM Mall, kung saan allegedly nakita ni Loreto ang mahiwagang babae. Isang taon matapos ma-publish ang artikulo, sumabog ang bulkang Pinatubo. Naramdaman ang yanig sa bundok. Maraming mga bahay ang lumubog sa lahar, maraming mga buhay ang apektado. Sinasabing dala ng pagkayanig, may mga kamalayang hindi na nakabalik ang utak sa dating ritmo. Isa sa mga tinakasan ng bait ay isang babaeng natagpuan nina Sir Giacomo sa kalsada ng Pampanga. Nagkataong nasa daan sila patungong Apalit para bigyang sigla ang mga biktima ng lahar. Tiyempong may nasalubong silang taong grasang babae na may garland ng sariwang-sariwang putong ng bulaklak. Nagbiro si Sir Giacomo sa mga bata. “O yan, method acting ba ‘yan?” Walang natawa. “Sir, parang mamahaling orkidyas ‘yung suot niya, o.” Ang sabi ni Sir Giacomo, baka ninakaw raw sa isang hardin. Pero ang sabi ng babaeng sinto-sinto, siya ang diwata ng bundok, at tutubusin niya ang mga naligaw. Naaawa raw si Sir Giacomo sa nasaksihan. Maganda raw

‘yung babae, sa ilalim ng limahid at amoy. May bitbit daw siyang supot ng mga talulot at nang paalis na ang coaster ng mga scholar, pinaulanan pa raw sila ng talulot ng babaeng sinto-sinto. Ang diwata ng kilometro 45.

Ikatlong proposisyon: Hindi mo na sila muling matatagpuan, kahit ipinangalan mo sa Alon at Agos

Tinawag sila noon ni Antonio Pigafetta bilang mga *viejas*. Inakala ko naman na sila’y mga babaeng nasa kasibulan. Hindi pala. Mga ale sila. Nakaranas nang maging ina o nabalo, nakaranas nang makipagtalik, itinuring na mahalaga sa komunidad, dahil sila ang tulay ng mga may buhay at wala. Sa kanila dumadaloy ang mga hinahabilin, at sa kanila rin naniningil ang mga naghabilin. Sapagkat tulay, tanggap na matapakan, tanggap na masaniban, tanggap na may hangganan ang mga mundo at naipagbubuklod ang mga iyon. May telang kambay silang tinutuntungan sa mga ritwal, at sukat rin ang mga ginagawa: magdasal, sumasamba sa araw o sa buwan, may tiyak na pag-aalay. Sa mga mata ni Pigafetta, ang ritwal ng mga *viejas* ay binubuo ng hindi maunawaang pagdarasal at hindi matanggap na paglublob sa dugo ng baboyramo ng mga hugis trumpetang gawa sa pinatuyong talahib. May pagbasbas ng dulo ng trumpetang iyon sa mga noo ng mga kapwa nila. Noong masaksihan ito ni Pigafetta, napansin niyang lahat ay binasbasan maliban sa kaniya. Isang pailalim na pagmamarka ng mga hindi ka-uri, hindi kasama. Siya ay dayo, isang banyaga.

Hinubad ng mga *viejas* ang mga saplot nila. Mabilis lang siguro ang proseso, sa tingin ni Bayang. Kapisasong panakip lamang iyon, hindi tulad ng suson-susong mga tapis at takip na isusuot ng mga karaniwang babae na tulad nila matapos maitarak ang krus sa bayan at kamalayan. Siguro, sa kanila, balewala ang paghuhubad. Pero iba ang mga mata ng banyaga.

Kinain nila ang alay na nakahain sa bao at dahon. Maaring inihaw na lamang dagat, mga bungang kahoy, katas ng niyog, karne. Sa ganitong paraan lang nila kakainin ang mga alay. Nauuna na silang kumain bago ang iba. Walang sinabi si Pigafetta kung ang mga ito’y nagbigay ng pabalat-bungang alok.

Wala siguro. Matapos ang ilang dekada, isusulat muli ng isang banyaga ang kroniko tungkol sa kanila. Iba na ang kaniyang gagamiting pangalan para sa kanila. Babaylan na. Linarawan ni Loarca ang kilos ng kanilang

performance—sumasayaw, gumigiling, at may igting ang pagkilos, sapat para bumula ang kanilang mga bibig. Sapi? Nangiti si Bayang sa nabasa. Dalawang dekada na ang nakalipas pero inuusig pa rin siya ng nakaraan.

Minsan, habang nanonood siyang *Ang Pag-uusig* (salin ng *The Crucible*) ni Arthur Miller, naaalala niya ang sarili at ang panahong naroon pa siya sa sapot ng kaniyang pagnanasa. Ang sahig ng tanghalang iyon ay tinabas na magmukhang rampang may kaunting tarik sa dulo, at padausdos sa sayad. Isang espasyong nakatatakot sigurong matapakan, pagkat magkamali lang ng ikot ang aktor, gugulong ito at baka mabalian pa. Tungkol sa sapi ang dula. Tungkol sa kapangyarihan ng nakararami. Tungkol sa kuntsabahan ng labis na pagkabukod at paranoia. Isang sapi na kinondisyon, isang kasinungalingang pinalabas na katotohanan. Para lang mapagtakpan ang isang relasyong nabuo sa libog. Para lang magkaroon ng kaunting kalayaan ang ilang mga kabataang babae sa relihiyon. Pinagmamasdan niya noon ang aktres na gumanap sa papel ni Abigail Williams, ang tauhang nagpaikid sa eskandalo at nagpaikot ng ikid ng katuwiran ng buong komunidad. Ganiyan din ba siya kung makatingin sa sinisinta? Parang nanghihigop? Parang nagmamakaawa? Gani'yan din ba ang pagtingin nila sa kaniyang pagsasayaw? Talaga namang isinayaw niya ang trabaho niya doon, binuhos ang sarili sa abot ng makakaya. Pero mabuti pa ang mga tauhan ni Miller o kahit na sinong tauhan. Pag nag-black-out, umuuwi sa mausaleo ng pahina, maghihintay ng magbabasa. Aangat lang at magkakabuhay pag naunawaan.

Umuuwi silang lahat noon nang sabay-sabay sa iisang bus. Pero ang pakiramdam ni Bayang, naiwan siya sa Salem. Binitay doon.

Isang umaga, natagpuan na lang ni Bayang na mag-isa na siyang nag-aalmusal sa cafeteria. Tulad ng dati, nakakumpol sa isang mesa ang lahat ng babaeng faculty at sa isang mesa ang mga lalaki. Hindi na nag-aalmusal si Finn. Makikita na lang niya ito sa hapunan, at para bang nagkausap sila na hindi na magpansinan. Naisulat na niya ang resignation letter. Matagal na, bago pa nagparamdam ang matitinding morning sickness. Dadalhin na lang sana niya sa opisina ni Sir Giacomo pagkakain. Alam niyang mangangahulugang mawawalan siya ng sahod at baka hindi makapagtrabaho kaagad.

Pero ma'no ba? Gano'n talaga. Buntis siya. Sa lahat ng mga opsiyon, pinakamainam para sa lahat ang magbitiw. Ayaw niyang para siyang buteteng palutang-lutang pa sa sapa tapos huhulihin para i-dissect. Kung

hindi sana “mga kabataan ang iyong estudyante”—naalala pa niya ang pagbuka ng bibig ni Ms. Nabiyaan—“we can keep you.” Wow. Lalong lumala. Sana hindi na lang ipinadaloy ang mga pampalubag-loob. Sana nang mag-usap sila, babae-sa-babae, naisip din niyang hindi lang kasarian ang magkatulad sa kanila kundi ang pagkatanikala ng matris at itlog sa kinabukasan ng pagiging babae. Kung paanong siya dapat ang role model. Leche. Kahit nga ang mga bulaklak na champaca nalalaglag sa mga puno. Hindi naman nababawasan ang kanilang bango. Sa katunayan, bago sila mabulok, doon sila pinakamahalimuyak.

Ang katahimikan ni Finn ang sagot sa kaniyang tanong. Hindi pa ito handa. Hindi na niya kailangang dumaan pa sa Bibig. Alam niyang ilang tulog na lang at lilitaw na ang umbok. Tulad ng sintonadong nota, aangat ito at aangat. Bubukol at hindi uukol.

Isang kaibigan ang nagmalasakit sa kaniya. Kapwa babae rin, nagdaan sa katulad na proseso. Hindi niya alam noon na may pagsasaluhan pala sila na iisang problema, magkaiba nga lang ng time frame. Nang tinawagan niya si Becca at ayaing lumabas, akala niya nagbibiro lang ito nang sinabi niyang naranasan na niya ‘yung eksaktong naranasan niya. May pumipintig na sa loob ng kaniyang katawan at hindi niya alam kung anong gagawin.

“Parang invasion na parang extension... parang solution na parang resolution.”

“Extermination?”

“Redemption?”

“Ano ‘yan lyrics?”

“Exactly.” At tumawa si Becca at natawa na rin siya.

“Para akong minumulto kapag nakakakita ng nagdadalantao.”

“Dearie, 3 out of 5 people are women. Kakabaliw ‘yan.”

“I know.”

“Kapatid, matanong kita. Sino ba ang namimili ng mga awit na napakikinggan natin, habang nasa grocery tayo, nasa mall, o nasa elevator?”

“Ewan. Malay. ‘Yung mall?”

“Di ba puwede mo namang isipin na may pumindot lang ng playlist sa loob ng establishment na ‘yun ta’s ikaw na naloloka wala palang karapatang maloka kasi ‘yung pumindot kebs niya kung may existential crisis ka o ano.”

“E pa’no kung nasa palengke ka, kalsada, eskinita?”

“Same answer. Wala silang paki kasi hindi ikaw kami.”

“Hay naku, kung puwede ko lang malaman, gusto ko siyang barilin. Parang nananadya na mamili ng playlist na tila alam na mapapaiyak ka, sa pampublikong lugar, kung kailan wala kang mahanap na panyo o tissue man lang sa bag.” Natawa si Bayang sa sarili.

“Parang hindi mo pa kilala ang sarili mo. You’ve always been on the edge. Parang may malapit nang mapunit sa iyo sa loob, everytime.”

Nangiti si Bayang. “God, hindi talaga ako puwedeng magmaganda sa ‘yo. Lagi mo akong nakikita. Everytime. Shit.” Kakalkalin ni Bayang ang kaniyang bag.

“May nakalimutan ka?”

Hindi siya sinagot ni Bayang. Isa-isa nitong linabas ang contents ng bag at pinapatong iyon sa mesa ng burger place. “Ano ba ‘yan?”

“Ano, tell me, may nakalimutan ka ba o —“

“Wala. It’s here.” Itinaas niya ang bagay na naalala niya: panyo.

“Ano bang dinadala mo na nasa loob nito na mahalaga?”

“Susi. Ticket sa tren. Pera. Bagong Pasaporte. Yun lang. ‘Yung iba, basura na.”

Tiningnan ni Becca ang kaibigan, pinagmasdan kung paanong awtomatikong hinaplos ni Bayang ang puson.

“Think about it. Pag nag-decide ka, call me.”

“I think this is it.”

“What?”

“Naka-decide na ako.”

Headline News, sabi ng kaniyang mga mata. Hindi na ako ‘yung dati, magmula noong mabuntis ako. Binati rin siya ng mata ng kaibigan: It’s Over. Get on with your life.

Naniniwala siya sa kabatch niyang ito, si Rebecca. Actually good girl siya, nagkaboyfriend lang at nagkamali sa choice. Nahulog sa romance na may punk siyang lover na nakamotorbike, the whole Sister Christian

song. Malaking bulas si Rebecca, halos six footer. Literal na parang walang hanggan ang haba ng kaniyang mga binti at biyas, at may k na magsuot ng mga killer miniskirts at leather jackets. Madalas tuksuhin dahil sa tangkad, at kung minsa’y napagkakamalang transgender. Naging magkaibigan rin sila ni Bayang dahil rin sa musika, nang magkakasama pa sila sa isang banda na *The Virgin Donuts*.

Na-bully sila ng iba at ‘yun ang bond nila, inakala ng iba na magjowa sila, pero para kina Bayang at Becca, hayaan mo silang gumawa ng kuwentong trip nila, basta sila, magkaibigang tunay. Tumibay sila dahil sa koalisyon nila, na kapag bata ka pa’y napakahalagang pagkahutok. Kung pinagtatawanan noon si Becca dahil sa height niya at kakaibang paraan ng pag-iisip, si Bayang naman ay naisantabi dahil sa hindi pa siya marunong lumaban. Ngayon, deadma na sila sa mga taong iyon na nang-api-api sa mga kantina’t klasrum.

“Noong nangyari ito sa ‘yo, did you tell anyone?”

“No one knew. Kami lang ni Barge ang nakakaalam.”

Gamit ang computer, nag-log-in si Becca sa search engine at voila, may mga lumabas na resulta. “O di ba, so hindi ka na gagamit ng walis, karayom na panggantsilyo o hanger. May solusyon.” Sabi, safe at proven effective. Tumaas ang kilay ni Bayang.

“Notice the irony?”

“I know.”

“Wag ka nang magsign of the cross ha? It doesn’t help and they don’t help. In fact, they’re a part of the problem.” Malakas manggising si Becca, daig pa ang brewed coffee. “Wala akong naging option noon kundi magtiwala. Hindi naman bali-bali ang Ingles at mukhang kaya nagbebenta ng misoprostol at mifepristone dahil sa marami ang nagse-search. Klinik ko ang link at sinundan ang instructions ng meet-up at payment. Naghanda ng sarili at ng perang ipambabayad.” Binanggit ni Becca ang halaga kay Bayang.

“Wow, ang laki pala.”

“15K lang, actually. Pero the rest, ‘yung 45K is for contingency.”

“Contingency?”

“Kung itatakbo ka sa ospital just in case hindi mo makaya ang pamatay talagang cramps.” “Cramps lang?”

“Well, among other things, excluding the psychic torture after. Tandaan na hindi ito katulad ng ordinaryong dysmenorrhea.”

“Ok.”

Dagdag pa ni Becca, may honor code na kapag nagkapalitan na ng pera, i-email ang instructions. Hindi na prinoblema ni Bayang ang payment. Pinakinabangan niya ang kaunti niyang talent bilang singer, at nakaipon naman ng sapat matapos ang isa't kalahating linggo. Wala siyang inabala.

Mabilis ang meet-up at pick-up. Sa mataong lugar, isang terminal sa Cubao. 'Kala mo nasa Bernal film sila ni Becca na nakaputing shades at striped shirt. Nag-fasting si Bayang ng dalawang oras dahil iyon ang instruction, bago niya ininom ang misoprostol na noong una, wala namang effect. Medyo nahihilo lang siya. At akala niya kaya niya, kaya nag-MRT siya. Ayun, doon siya inabutan ng lecheng pagsusuka sa tren. Nailabas ni Becca ang supot ng 7-11. Projectiles here, rocket mission there. Mga matang nananampal, mga nagpaparinig. Hang-over. Wasted. Chemo. Buntis. Kahiya. Inaalalayan siya ni Becca, ang braso nito ang kaniyang naging tungkod. Nakalabas sila ng bagon na halos matumba na si Bayang sa sahig. Binulungan siya ni Becca: “Isipin mo Bayang nangyari rin ‘yan sa akin, pero mas malala. Ang laki-laki ko tapos I was retching like crazy. At wala akong props na supot.” Natawa si Becca sa vision, at natawa rin si Bayang pero hindi niya kaya. Sumakay sila ng taxi. Kina Becca na muna siya umuuwi. Matapos niyang inumin ang dosage ng mifepristone, itinulog na lang niya. Nagising siya. Ginising niya si Becca. Hindi ito nagmaktol. “Actually, ‘yan rin ang inakala ko—na kaya kong itulog ang contractions...”

“Siyempre hindi no? Ow....Shit Shit Shit Tang-ina mong Finn ka. Tang-ina mo!!!”

Tuloy-tuloy ang pagdurugo, clumps magnifying habang tumatagal. Ano'ng sinabi ng Hinulugang Taktak? “Becca ganito ba talaga ‘to? Para akong naghahallucinate sa sakit. Like I keep seeing pink jellyfish things crawling.”

“Hello jellyfish, ‘yun na lang ang attitude...”

“Yung jellyfish na ‘yun ang baby ko, Becca.”

At umiyak na siya nang umiyak. Dumadaloy ang dugo mula sa kaniyang matris, pumapatak nang malapot na malapot, pumipiglas sa sakit,

waring may nagvavacuum cleaner sa vaginal walls. Nag-duet ang dugo sa luha niya.

Years later, habang nakahilata siya sa sahig na kawayan ng isang malaking kubo sa Bali, pinaliliwanag ng isang guru doon na nasa isang dangkal mula sa ating pusod ang chakra ng ating katawan. Linulugar at pinupuwesto ang enerhiya mula sa pusod, karugtong dapat ng nasa isip, at ng nasa puso. Hirap naman talaga siyang maintindihan ang Ingles nito, pero malaking tulong ang pagmumuwestra nito ng mga bahagi ng katawan at ang padilat-dilat ng mata't papilig-pilig ng leeg. Kusang umaalinsunod ang chakra na nasa pusod, dibdib at isip. Kasi raw may hindi makitang bigkis ang mga iyon. At ang hindi makitang bigkis na iyon ang tatangkain mong hawakan. Para kang si Buddha na nasa lugar ng mga makasalanan na biglang nakakita ng hibla ng sapot ng gagamba. Nang sinubukan ito mismo ni Bayang, nagulat siya sa kung saan siya dinala ng meditasyon.

Sa bayang iyon na parang Pilipinas rin, mas matamis ang hangin, mas masunurin ang mga tao sa trapiko, at mas may pagpapahalaga sa kultura. Kahit saan mo idako ang iyong tingin makikita mo ang kanilang mga bathala, may mga munting kubol ang mga bahay. Doon nila linalagak ang mga bathala nila't mga bantay. May atang ng lutong kanin, konting prutas, mga bulaklak. Parang sa bundok na iyon na tinakasan niya at linisan niya. May butil ng kanin na idinidikit nila sa noo pagkatapos ang samba. Paraan nila iyon ng pagbibigay pugay sa lahat ng biyaya. Kahit saan, may mga tumutugtog ng kanilang katutubong awit, gamit ang mga instrumentong minana pa nila sa mga nuno. Doon niya mas lalong naibigan ang gamelan at ang nosyon nito ng eternal na tugtugan, musikahan, na walang mga simula at wakas, pero organisado ang katahimikan at ingay. Kahit ang notasyon ng kanilang musika'y hindi umaayon sa notasyon ng Kanluran. May sariling metodo ng numero at komputasyon. May mga librong inukit sa kahoy na sari-sari ang nilalaman na inskripsiyon, mula sa mga epiko nila hanggang sa panggagamot hanggang sa witchcraft. Napadpad siya sa bayan na iyon hindi na bilang isang music teacher. Cultural Studies scholar na ang identity niya.

Nagpasya siyang palawakin ang kaniyang nalalaman. May theater workshop siyang dinaluhan sa Ubud. Nakilala niya si Wayan Piscayan, ang kinikilalang guro sa pagganap. Matapos silang bigyan ng oryentasyon sa pagganap sa pamamagitan ng panonood mismo ng performance ni Wayan,

hinikayat silang subukan ang metodo. Isusuot nila ang isa sa mga maskarang nakahapag. Pinagmasdan ni Bayang ang bawat isa. May mukhang leon, aso, unggoy, tigre, buwaya. Sinuot niya ang isang maskarang pinakanagustuhan niya ang itsura. Ewan kung bakit pinili niya iyon. Marahil, tulad ng isang halos makalimutang pagkakarawan ng isang musikero, may pangingingin ng laman siyang naramdaman. Hindi niya matiyak kung anong hayop iyon. Hindi pinangalanan ang mga maskarang ipinagamit ng performance mentor sa Bali. Matutunton naman daw ng aktor kung ano iyon kapag natapos na ang ehersisyo. Sinuot lang niya ‘yun na parang balabal. Walang espesyal, parang isang bahagi lang ng kabuuang saplot. Nagtalsikan na sa materyal nitong gawa sa balat ng puno ng saging ang laway ng iba pang mga aktor na gumamit nito. Kaamoy ng punda ng unang nalawayan. Katekstura ng tuyong dahon ng saging sa ilalim ng plantsa na medyo mas matigas. Nakakasusulasok ang amoy kapag tinutukan. Pero nagawa niyang kalimutan iyon. Tinandaang ang sarili ay nasa ibang daigdig at wala sa daigdig. Binuksan ang chakra. Pinagtiyap ang isip, chakra, kaluluwa. Isang tonal na ohmmm ang paulit-ulit niyang pinadaloy, katulad din ng kaniyang mga kasamahan. Hanggang sa nasapian na siya. Natagpuan na lang niya ang sariling nasa gitna ng gubat. Luntian ang lahat. Naramdaman niya ang lupa sa kaniyang talampakan, ang kati kaluskos lawiswis ng mga halamang kumakapit sumasagka lumililim. May biglang kumibot, isang anino, at alam niyang hindi lang siya ang nag-iisang hayop. Nababasa niya ang pulang init ng hayop na iyon at iyon ang kaniyang sinusundan. Hayun, nandoon. Nawala ang kamalayang naglalakad lamang siya at kumikilos sa dalawang paa.

Tumatalon daw siya, parang mananagpang, tila naging apat ang mga paang kayliliki.

Hinabol niya ang init, ang pulang aura ng init na mula sa kapwa niya hayop. Naglalagablab ang init, pumipintig nang mabilis na mabilis ang kaniyang puso na parang hinahabol niya ang sarili niyang anino, at bigla, may nakita siyang pamilyar. Patak ng dugo, patak ng namuong dugo. Tagas. Tagos. Malapot, malagkit, parang babolgam kapag hinawakan. Boiing. Ano ‘yon? Tumigil ang patak. Narinig niya ang gong, at ang alingawngaw nito ang tumusok at bumasag sa mundong pinasukan niya—ang hudyat na bitawan na ang mga maskara. Wala na siya sa gubat at nasa sala ng isang bulwagang kawayan. Hinihinal ang “hayop” na kaniyang hinahabol. Nagulat ang lahat sa kaniyang bangis. Natakot ang kapwa nilang workshop

delegate na siya ang hinabol. Isa siyang lalaking masteral student mula sa Vietnam na tila may nerbiyos sa mga salakay, pero nang mahimasman, natanggap nitong gayun na lang ang pagpasok ni Bayang sa mundo ng hayop na 'yun, 'yung kaluluwa sa likod ng maskarang iyon. Yumukod siya, at pinagyukuran. Natakot at namangha si Bayang sa kaniyang kakayahang hugutin ang intensidad mula sa kaniyang chakra.

“Bayang? Bayang, ikaw ba ‘yan?”

Inaangat niya ang mukha. Katapat niya, may babaeng may pamilyar na ngiti, ang puting puting ngipin na iyon na minsan na niyang pinuri. Si Cressida Valmonte. “Oh My God, it’s been what—ten years?”

“Oo nga. Parang panahon pa ng mga dinosaur. Kumusta?” Napansin niyang nagpaunat na ito ng buhok, bahagyang namuti, ngunit gayon pa rin ang dating. Parang payat na Oprah Winfrey na nag-aaudition sa isang dula ukol sa kaalipinan sa South. Naka-blazer ito, cigarette pants at heels. May hinugot ito sa bag na isang paperback na pink. Ipinagmayabang nito na bitbit niya kahit saan ang volume ng mga tula ni Dickenson na rinegalo niya noon.

“E yung isang binigay ko?”

“Anong isa?”

“Yung Sappho.”

“A ‘yun. Tinangay ng baha. Nalungkot nga ako. Ang dami kong librong nawala, pati mga letters, lahat ng mga kinulekta kong mga abubot.” Kapwa sila nangiti. Mahirap makipag-usap sa ganitong pagkakaupo, kailangan pa nilang lakasan ang boses nila, naalala niya tuloy ang mga kuwentuhan nila noon sa Cafeteria. Saglit silang nagpalitan ng konting impormasyon sa kasalukuyang buhay. Siya, jobless, at siya, nasa call center. Hindi na niya nabanggit na may mga napuntahan na siyang mga ibang lugar. Hindi conducive sa blackhole na iyon ng magkakasalubong ang mukha at kilikili. “Ngapala, si...”

Ibang tao naman talaga ang itatanong niya kay Cressie. Si Finn ang ibig niyang mabalitaan. Pero sa halip ang nasagap niya’y tungkol kay Loreto, na namatay na raw.

“Ha?”

“Oo nga, ang gulat ko talaga. Nabundol raw. Pupunta yata sa burol ng kaanak. Nahagip ‘yung motorcycle niya.”

“Marunong ba siyang mag-motor?”

“Apparently. ‘Lam mo ‘yung mga malalaking motorbikes na parang sinasakyan ng mga Putting mahahaba ang buhok? May gan’on siya.”

A Harley Davidson motorcycle? Wow. Approximately 1 million to P350K pesos. Mayaman si Loreto. “Lumipad ang katawan. ‘Lam mo Bayang, he was impaled in one of those construction posts. Grabe.”

“Talaga? Wow. Ang sakit nu’n.”

“Nang dumating na ‘yung tulong, wala na siya. Na-traffic ‘yung paramedics. Hay. Napakabata pa niya.”

“Kuwarenta mahigit na siguro ‘yun. 20 years ago na magmula nang maging colleague natin siya.”

“Yes. He was certainly one of the memorable ones...”

“Psst.”

“Psst.” Nagtawanan sila, sabay.

“Ang sama natin ‘no?”

“Not really.”

“Dadalawin mo?”

“Ikaw?”

Umiling siya.

“...pero lab ko ‘yun.”

Sasabihin niya sana: “Ako, hindi,” pero ang kabig, “O’nga. Lab siya ng lahat.”

Sabay na yata silang yumuko, o tumingin sa pintuang panaka-naka’y nagluluwal ng tao o iniiwan. Parami nang parami ang mga sumasakay. Humara ang mga puson ng mga hapit na bestida’t pantalon, ang mga nakabukang bag na may nakalaylay na mga hand sanitizers, ang mga kamay na may bitbit na mga gym bag o vinyl trolleys. Nang mahawi ang mga ito sa estasyon ng Buendia, wala na si Cressi. Nakababa na, ni hindi niya alam kung kumaway.

Sabi nila, ang pakikinig ng sadya sa musika ay bihirang-bhirang gawin ng ordinaryong tao. Kadalasan, nasasagap ng tao ang musika sa paligid na kaniyang ginagalawan. Isang bahagi lang ang musika sa isang composite

na karanasan—halimbawa, papasok ka ng fastfood kagaya ng 7-11. Ang musika na tinutugtog doon ay musika pa rin, kesehodang estasyon lang ‘yun ng 96.3 FM radio at nag-uusap ang dalawang DJ na bagay sa isang karnabal. Bumili si Bayang ng Yakult at empanada. Naupo muna sa sulok, tumanga, pinakalma ang isip. “Can this be love/I’m feeling right now...” Bata pa si Geneva Cruz nang inawit niya ito, paboritong kantahin ng mga kabataang kasabay niya noon sa bus tuwing bumababa sila patungong Folk Arts. Lihim niyang gusto ang kanta, naaliw sa espontayong bulwak ng awit ng mga batang iyon, tila may hindi mapigilang sigla, nag-uumapaw ang kagustuhang marinig ang nasasaloob. Bumili pa nga siya ng album ng Smokey Mountain sa Harrison Plaza nang patago. Tawa nang tawa si Finn nang matuklasan nito ang tunay niyang “taste” dahil sinuyod nito ang kuleksiyon niya ng mga cassettes. Hate niya ‘yun, ‘yung kunwari inosenteng tumitingin sa mga nakasalansan o nakapuwestong mga gamit, parang nagbabasa ng diary ng may diary; parang nag-iimbentaryo. “Weno ngayon kung baduy? E sa gusto ko ‘yung kanta, paki mo,” ito dapat ang sinabi niya sa ulol na ‘yun, pero in love siya noon sa lalaking ito at naalala niya ang nanginginig niyang tuhod sa tuwing naririnig niya ang boses nito. Oh God. Parang kay tagal na ng panahong iyon. ‘Yun ‘yung panahong makarinig lang siya ng ganyang kanta namimiss niya ang kambal niyang jellyfish na pinalayas niya sa uterus niya nang walang notice of eviction. Saan na kaya sina Alon at Agos? Lumulutang-lutang ba sila sa ere ngayon, mga protons at atoms? Lumulutang sa iniinom niyang Yakult, kasama sa lacto-bacilli Shirota strain? Lumulutang bilang protozoa sa sikmura ng batang lalaking nasa labas, nakatanghod sa kaniya habang inuubos niya ang kaniyang empanada? Ang cute siguro nila kung natuloy. Kulot tulad ng tatay, kasing-kayumanggi ng nanay, baka marunong ring magpinta, baka marunong ring kumanta.

Naiiyak siya. Well, magmula ng demolition na ‘yun mas tumindi ang kaniyang hormonal mood swings. So that’s it. Naiiyak siya dahil sa imbalance. Kahit ang katawan ng babae may climate change. Napatigil siya sa paglalakad. Parang pamilyar ang gusaling katapat niya. Ikaw ba ‘yan, Harrison? Hay Harrison, ano’ng nangyari sa ‘yo? At sumagot ito: heto, bulok pa rin, hindi na nawala sa frontage ang mga batang kalye na sumisinghot ng rugby, ang tambak ng basurang nakalimutan nang kulektahin, ang buga ng mga jeepney at kotseng nakakaanghit. O’nga, sabi niya. Nasa katapat siya na pondohan ng sigarilyo’t juicy fruit, ang

nanlilimahid na kanal. Nakita kaya ng mga batang ‘yun sina Agos at Alon? Baka. ‘Yung batang babae na nagtitinda ng sampaguita, parang kamukha niya. Lamang lang siya ng ilang ligo at pahid sa uhog sa batang ito noon. Pero ganyan rin siya kapayat, parang sipit ng mga damit na isasampay ang mga binti. Pasando-sando’t marungis na school uniporm ang pambahay. Tinawag ng nanay ang bata. Lalapitan na sana niya ang ale. Itatanong: Nakita niyo po ba sina Agos at Alon? Tiningnan siya ng ale, may linista sa 1/4 pad paper na binulsa sa apron niyang pinakumpulan ng mga batik ng sarsa’t panghi. Tinitigan ni Bayang ang mga kending paninda, ang mga menthol candy, coffee candy, orange candy, na lahat walang kinalaman sa kanilang mga pangalan, mabuti pa ang misoprostol at mifepristone, sakto at swak sa birth certificate. Napatingin siya sa dumadaloy na tubig sa kanal at naalalang inaalaala niya noon kung baka naianod sina Agos at Alon sa mga kanal ng Maynila, parang mga bagong Moses na may mabuting kaluluwang dadampot. Palalaking sila, papag-aralin, at ‘yun, darating ang grand moment na magkikita sila. Probably a talk show. Probably a concert. Hindi inaasahang magtatagpo ang oras at mundo, posibleng sa palengke, sa mga prutas at gulay, pero malamang sa may mga isda, parang mga salmon lang na umuwi sa dati nilang mga ilog, that is, kung hindi pa naligaw o nailuto o nailata o pinatay ng oil spill. Hanggang sa tingin niya’y nakarating na siya sa bandang Quiapo at makatawid ng tulay, tumutugtog pa rin ang hinayupak na album ng Smokey Mountain. Kakatwang ipinangalan ang pop group sa literal na bundok ng basura na tinatawag nang Payatas. Kakatwa rin na ang liriko ng awit ay nasa Ingles at parang namuhunan sa kirot sa dibdib. Pa-awa effect. Return to a land called Paraiso. Shit. Sa landas ng langaw at salapi, alam ng lahat na may pera sa basura. Pumara siya ng taxi. Natawa ang drayber nang sinabi niya ang destinasyon. ‘Yung pupuntahan niya ang kaniyang pinanggagalingan.

“Ganu’n po ba?” Bumaba siya’t naglakad, naghanap ng mauupuan, masasandalan. Nakakita, at nagtakitap muna ng sarili sa likod ng pader ng mga taong magkakaiba ang patutunguhan.

Epilogo:

November 29 2010 nang pinagpapatay ang mga journalists sa isang ambush sa Maguindanao. A-attend lang sana ang mga peryodista ng isang junket at ico-cover lang sana ang press conference na gagawin ng asawa ng isang clan leader sa Maguindanao. Natapos ang kumperensiya at pauwi na ang mga peryodista nang harangin ang kanilang mga sinasakyang van ng mga armado. Pinagbabaril ang lahat ng nakasakay. Nang matiyak na namatay na ang lahat, binuksan ng mga armado ang mga van at hinakot ang mga bangkay sa isang open pit. Linamuray, dinurog, piniga, yinurak. ID na may putik, sapatos na duguan, kamay at binting putol-putol. Ito ang kumalat na mga litrato ng malagim na insidente. Mga mukhang nakanganga at mga matang hindi na naipikit. Labas ang tiyan, ang bituka. Putok ang bungo, nguso. Sumalubong ang kumpal ng mga lupa sa mga bangkay na yinurak, piniga, dinurog, linamuray. November 29 rin iyon, sampung taon matapos maamoy nina Bayang ang open pit, sa ibang lugar, sa ibang panahon.